

Nagpasok ang Ontario ng Batas Upang Higit na Mapabuti ang Akses at Karanasan ng Pasyente

Ang Batas na mga Pasyente Muna (Patients First Act) ay Maghahatid ng Isang Planong Aksiyon para sa Pangangalagang Pangkalusugan

BALITA

Hunyo 2, 2016

Ipinasok ng Ontario ang bagong pagbabatas ngayon na, kung papasa, ay magpapabuti ng akses sa mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga pasyente at sa kanilang mga pamilya ng mas mabilis at mas mabuting akses sa pangangalaga at paglalagay sa kanila sa gitna ng isang tunay na pinagsanib na sistema ng pangangalaga.

Ang Batas na Mga Pasyente Muna ay magbibigay sa 14 Local Health Integration Networks (mga LHIN) ng Ontario ng isang pinalawak na papel, kabilang ang isang pangunahing pangangalaga at pangangalaga sa bahay at komunidad. Ito ay magpapabuti at magsasama ng pagpapalano at paghahatid ng harap-ng-lingya na mga serbisyo at nagtataas ng pagiging episyente upang magdala ng mas maraming pagpopondo sa pangangalaga ng pasyente sa loob ng kasalukuyang sistema.

Ang antas-ng-sistema na mga pagbabago ay mangangahulugang mas madaling akses sa pangangalaga, mas mabuting pag-uugnay at pagpapatuloy ng pangangalaga, at isang mas malaking pokus sa mga serbisyong angkop sa kultura at wika. Ang mga ito ay susuporta sa Planong Aksiyon sa pamamagitan ng:

- Pagpapabuti ng akses sa pangunahing pangangalaga para sa mga pasyente – tulad ng isang numerong tatawagan kapag kailangan nilang humanap ng isang bagong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng pamilya na malapit sa bahay.
- Pagpapabuti ng mga lokal na koneksiyon at komunikasyon sa pamamagitan ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan, mga ospital, at pangangalaga sa tahanan at komunidad upang tiyakin ang mas makatarungang akses at mas pinong karanasan ng pasyente.
- Pagtiyak na ang mga pasyente ay kailangan lamang magsabi ng kanilang istorya nang isang beses, sa pamamagitan ng pagbibigay ng kakayahan sa mga tagapagkaloob ng pangangalaga na ibahagi at isapanahon ang kanilang mga plano sa pangangalagang pangkalusugan.
- Paggawang mas madali para sa mga doktor, nars, at ibang mga tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga na ikonekta ang kanilang mga pasyente sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila.
- Pagkakaloob ng mas makinis na paglipat ng pasyente sa pagitan ng matindi, pangunahin, sa bahay at komunidad, kalusugan ng isip at pagkasugapa, at pangmatagalang pangangalaga.
- Ang pagpapabuti ng katatagan ng pangangalaga sa bahay at komunidad sa buong probinsiya upang alam ng mga tao kung ano ang dapat asahan, at makatanggap ng mabuting pangangalaga kahit saan sila nakatira sa probinsiya.
- Pagpapalakas ng pagpapalano ng kalusugan at pananagutan sa pamamagitan ng pagsubaybay sa pagganap.

- Pagtiyak na ang pampublikong kalusugan ay may isang boses sa pagpapalano ng sistema ng kalusugan sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang pormal na relasyon sa pagitan ng mga LHIN at mga lokal na lupon ng kalusugan.
- Ang pagpapadali ng pagpapalano ng lokal na pangangalagang pangkalusugan upang matiyak na ang mga desisyon ay ginagawa ng mga taong pinakamahusay na nakakaunawa ng mga pangangailangan ng kanilang mga komunidad, at ang mga lokal na lupon ng LHIN ay nagpapakita ng mga komunidad na pinaglilingkuran nila.

Itong bagong batas ay susuporta sa [Patients First: Action Plan for Health Care](#) – Balangkas ng Ontario para sa pagbabago ng pangangalagang pangkalusugan, na kabilang ang pagpapalawak ng akses sa pangangalaga sa bahay at komunidad at pagtiyak na ang bawat Taga-Ontario ay may akses sa isang tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga.

Ipagpapatuloy ng Ontario ang pakikipagtulungan sa First Nations, Metis, Inuit at mga katutubong kabakas at mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa kalunsuran upang matiyak na ang kanilang mga boses ay naririnig, partikular tungkol sa pantay na akses sa mga serbisyo na nakakatugon sa kanilang mga natatanging pangangailangan.

Igagalang ng Ontario ang dedikasyon nito na makabuluhang palahukin ang mga Katutubong kabalas sa pamamagitan ng isang katapat na mga proseso na nakikipagtulungang tutukoy sa mga iniaatas na kailangan upang makamit ang matugunin at makabuluhang pagbabago. Ang Ontario ay nakalaan ding tiyakin na ang anumang mga iminumungkahing pagbabago ay hindi negatibong makakaapekto sa kanilang kasalukuyan o panghinaharap na akses sa pangangalaga.

The Patients First Act ay ang susunod na hakbang sa plano ng pamahalaan upang magtayo ng isang mas mabuting Ontario sa pamamagitan ng pagkaloob sa mga pasyente ng mas mabilis na akses sa tamang pangangalaga, mas mabuting pangangalaga sa bahay at komunidad, komunikasyong kailangan nito upang manatiling malusog at isang sistema ng pangangalaga na maipagpapatuloy para sa mga susunod na henerasyon.

MGA SIPI

“Ang Ontario ay nagtatalaga ng sarili sa isang sistema ng pangangalagang pangkalusugan na tunay na inuuna ang mga pasyente. Ito ay nangangahulungang mas mabilis na akses sa pangunahing pangangalaga para sa mga pasyente kahit saan sila nakatira, at isang sistema na mananatili para sa susunod na henerasyon. Salamat sa libu-libong Taga-Ontario na nagkaloob ng mahalagang ambag sa paglikha nitong mahalagang batas. Magkakasama patuloy nating pabubutihin ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Ontario upang ito ay manatiling isa sa mga pinakamahusay sa mundo.”

— Dr. Eric Hoskins, Ministro ng Kalusugan at Pangmatagalang Pangangalaga

“Kapag tayo o isang mahal sa buhay ay may-sakit, gusto nating umasa sa ating mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan upang makuha ang angkop na antas ng pangangalaga nang episyente at maayos. Bilang isang doktor ng pamilya, ikinalulugod kong makita na ang pamahalaan ng Ontario ay nagpasok ng batas na tutulong sa ating lahat sa pangunahing pangangalagang pangkalusugan upang magtrabaho sa isang mas pinagsanib na sistema na pakikinabangan ng mga pasyente.”

-- Dr. David Price, Kasamang awtor ng “Patient Care Groups: Isang bagong modelo ng batay sa populasyon na pangunahing pangangalagang pangkalusugan para sa Ontario”

“Pagtiyak na ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan at ang mga nagpapasiyang panlipunan ng pangangalagang pangkalusugan na ipinag-uutos sa Patients First Act ay nagtatatag ng isang malakas na pambatasang balangkas patungo sa pagkakamit ng makabuluhang pagbabago na nag-uuna sa mga tao at komunidad sa loob ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Ontario.”

-- Adrianna Tetley, Punong Opisyal na Tagapagpaganap, Association of Ontario Health Centres

MGA PANGUNAHING DAPAT MALAMAN

- Ang Ontario ay nagpapalano ng isang netong pagdaragdag ng 700 o higit na mga doktor bawat taon.
94 porsiyento ng mga Taga-Ontario ngayon ay may isang tagapagkaloob ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan. Sa pamamagitan ng trabaho ng Patients First: Ang Action Plan for Health Care, Ontario ay nakalaang ikonekta ang isang doktor ng pamilya o nanggagamot na nars sa bawat isang gusto nito.
Noong 2015, may isang netong karagdagan na 205 Nanggagamot na Nars sa Ontario.
- Ang mga pamumuhunan sa pangangalaga sa bahay at komunidad ay hanggang 90 porsiyento sa nakalipas na dekada.
- Ang ministri ay sumangguni at malawak na nakipagtalakayan sa Ingles at Pranses sa higit sa 6,000 tao at organisasyon sa buong probinsiya upang makatulong na ipagbigay-alam ang mga iminumungkahing pagpapabuti sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga LHIN ay nagpapalano, nagsasama-sama at nagpopondo ng lokal na pangangalagang pangkalusugan, pinabubuti ang akses at karanasan ng pasyente.
- Kung pumasa, ang pagbabatas ay papalit sa lumang Batas sa Integrasyon ng Lokal na Sistema ng Kalusugan, 2006 at ng Batas sa Pangangalaga sa Bahay at mga Serbisyo sa Komunidad, 1994, kasama ng ibang mga batas.
- Kung pumasa, ang Ontario ay magpapasimula ng isang pagsusuri ng *The Patients First Act* sa loob ng tatlong taon.

KUMUHA NG KARAGDAGANG KAALAMAN

[Patients First: Reporting Back on the Proposal to Strengthen Patient-Centred Health Care in Ontario](#)

[Patients First: A Proposal to Strengthen Patient-Centred Health Care in Ontario](#)

[Patients First: Action Plan for Health Care -- Year One Results](#)

[Patients First: Action Plan for Health Care](#)

[Local Health Integration Networks](#)

Para sa pagtatanong ng publiko tumawag sa ServiceOntario, INFOLine sa 1-866-532-3161 (Walang-bayad sa Ontario lamang)

Shae Greenfield, Opisina ng Ministro, 416-325-5230
David Jensen, Ministri ng Kalusugan at Pangmatagalang
Pangangalaga
416-314-6197

ontario.ca/health-news
Disponible en français